

BAGOT AT BIGO: IBA'T IBANG MUKHA NG BAYANI SA *TUNGKOL SA ASO*

Kisha Aleena Abuda

Panimula

Ayon kay Edward Linenthal (83), simbolo ng pinakamatataas na mithiin ng kinabibilangang kultura ang mga bayaning-mandirigma. Kinakatawan ng bayani ang mga paniniwala at birtud na nais ng nasabing lipunan, at sinasalamin ng bayani ang imaheng nais palutangin ng lipunang ito (Frisk 95 at Reyes 397). May taglay rin silang “creative power” o kakayahang maminsala para buuin muli ang lipunan ang bayani. Sang-ayon dito ang hinuha ni Weber na tumitindig ang mga bayani sa oras ng sakuna (as qtd. in Frisk 91). Makikita ito sa mga superhero sa komiks na naisulat mula 1930s hanggang 1970s na ayon sa manunulat at akademikong si Soledad S. Reyes ay sintomas ng pangangailangan ng lipunan na sanggain ng mundong kinatha ang mundo ng realidad (403). Kumbaga, nagiging simbolo ng pag-asa ang mga bayani sa panitikang patuloy na binabasa. Inuugat rin ni Reyes ang mga superhero sa komiks sa mga bayani sa ating mga epiko, na siya namang pinagtuunang pansin ni Eugene Evasco sa pag-aaral niya tungkol sa mga etnoepiko sa Pilipinas sa balangkas ng bata o pagkabata. Banggit ni Evasco: “Idinagdag pa, gayong umiikot sa buhay ng isang bayani ang epiko, ito ay ‘kolektibong katauhan, pag-aari at tradisyon ng liping lumikha sa kaniya’ (Antillon 1991: 4).” Ibig sabihin, kabahagi ng bayani ang lipunang kanyang ginagalawan sa pagiging bayani.

Ganito rin ang pagtingin nina Spencer at Cooley (345) sa paghubog ng bayani—na kolektibong gawain ang kinakailangan para magkaroon ng

bayani at samakatuwid, ang mga ideolohiya at paniniwala ng bayaning ito ay nagmula rin sa kultura at lipunang kinabibilangan. Taliwas ito sa teorya nina Weber at Carlyle na nanggagaling sa labas ng lipunan ang mga tumitindig na bayani, at bagkus ay nagdadala ng progresibong puwersa na likas lamang sa kanila (as qtd. in Frisk 89). So sosyolohikong pagtingin, binubuo ng lipunan at bumubuo rin ng lipunan ang bayani.

Bagama't naunang tradisyon ng pagsulat, partikular sa Amerika at Europeo, ang romantikong pagtingin sa mga bayani, kalaunan ay napalitan naman ito ng modernistang pagtingin. Ayon kay Oliner, hindi na kailangang ituring ang mga bayani bilang mga natatanging tao ("larger-than-life"), bagkus ay dapat silang itrato bilang mga ordinaryong tao na may kakayahang gumawa ng mga itinuturing na "heroic deeds" (136). Sa isang pag-aaral tungkol sa transpormasyon ng mga sundalo na binansagang bayani, binibigyang-kapangyarihan ng paniniwalang marangal ang gawain ng mga sundalo, kahit pa kasama sa pagiging mandirigma nila ang pagpatay rin ng tao (Linenthal 81). Higit pa rito, ipinaliwanag rin kung paanong nauwi rin sa disillusionment ang dramatikong pagtingin ng Amerika sa sariling sundalong mandirigma (ibid 79). Mula sa paniniwalang binigyan ng Diyos ng karapatan ang mga sundalo para itama ang mali sa mundo, halimbawa, ang slave trade noong Civil War at komunismo naman sa Vietnam, sa huli ang kinakitaan rin ng pagkakamali ang malawakan at walang habas na pagpatay na ginagawa ng mga sundalo. Pero sa kabila nito ay itinuring pa rin naman silang mga bayani, at kung susuriin pa nga, mga biktima rin ng mga digmaang sila rin ang lumilikha.

Sa Pilipinas, mga OFW na nakikipagsapalaran sa ibang bansa ang naiisip natin kapag nababanggit ang salitang "bayani." Sa panahon ng pandemya, binansagan namang "frontliners" ang mga doktor at nars na *ibinubuwis* ang kanilang buhay para lang mailigtas ang mga may sakit at mabigyan ng pagkakataon mabuhay ang mga nasa bingit ng kamatayan.

Ngunit bayani ba talaga sila na piniling sumabak sa giyera o ibinabalangkas lang ng mga nasa kapangyarihan na bayani sila para pagtakpan ang sariling pagkukulang? Sa ganitong uri ng suliranin inuugat ng papel na ito ang pangangailangan na basahing maigi ang koleksiyon ni U Z. Eliserio: na mayroong iba't ibang pagbuo ng imahen ng bayani at pagkabayani ang ating lipunan. Makikita ito sa koleksiyon ng maikling kuwento ni Eliserio na *Tungkol sa Aso* na inilimbag ng UST Publishing House nitong 2019 lamang. Sa diskusyon, makikita na may apat na mukha ng bayani sa koleksiyon. Sa unang bahagi, makikita kung paanong nakadepende sa sitwasyon ang pagusbong o paglubog ng bayani, at kung paanong maaaring maging bayani ang isang Damaso at magmistulang anti-hero ang isang Crisostomo Ibarra/Simoun. Sa pangalawang bahagi, ipapakita kung paanong nagiging bayani ang bata sa kabila ng nosyon na sila ay mahina. Karugtong nito, may pagsusuri rin sa mga dehadong tauhan sa koleksiyon ni Eliserio bilang mga bayaning underdog. Sa ikaapat na bahagi, bibigyang pagbasa naman ang mga bayaning mistulang talunan. At kung tunay ngang tinalo na sila ng mundo, maituturing pa ba silang sagisag ng kabayanihan?

Dalawang Mukha ng Isang Barya

Kadalasan, nagiging makabayan ang mga bayani dahil kinakailangan. Dahil nga sangkap ang trahedyang sa naratibo ng kabayanihan, maaaring tingnan na *sitwasyon* at hindi naman talaga ang tauhan ang pinanggagalingan ng kabayanihan. Puwedeng sabihin na wala naman talagang pormula sa pagiging mabuti o masama, kung magiging bayani o kontrabida ang isang tauhan.

Patunay rito ang “Stanford Prison Experiment” ni Philip Zimbardo noong 1971 kung saan ipinakita kung gaanong kadali tumulay sa pagiging mabuti o masama ang kahit na sino sa pamamagitan ng pagbabagong-kapaligiran at pagtatalaga rin ng roles o tungkulin sa mga tao. Sa labas na

anyo pa lamang, makikita kaagad kung paanong dinepersonalize ang mga nakabestida na preso, at kung paano naman ine-empower ang mga guards (Konnikova; Franco at Zimbardo). Kahit walang espesipikong utos sa dapat gawin ng mga guards, wala pang 24 oras sa bilangguan ay inabuso na ng mga guards ang mga bilanggo (Konnikova at Zimbardo). Hindi lamang pisikal na abuso ang natanggap ng mga bilanggo, kundi emosyonal at sikolohikal rin. Sa kabila ng mapang-abusong ginagawa ng ibang guards, mayroon namang hindi umayon sa pangmamalupit na ito. May mga bilanggo na umalma sa kasamaan na naranasan nila sa pangalawang araw pa lamang ng eksperimento, ngunit dahil nanahimik lang ang mga “mabubuting” jail guards, ay patuloy na naging submissive at passive na lamang ang mga bilanggo kahit na nasasaktan na sila.

Simeon bilang anti-hero. Sa ganitong paraan siguro pinakamainam na basahin ang unang dalawang kuwento ni Eliserio sa koleksiyon. Sa “Simeon sa Amerika” (Eliserio 1-6), binigyan ni Eliserio ng backstory ang bayani ni Rizal sa *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* habang ipinapakita ang pagtulay ni Ibarra sa pagiging Simoun na katumbas rin ng pagbabagong-katauhan ng karakter. Bilang Simoun, tinahak niya ang mas madugong paraan para sa reporma: rebolusyon at paghihiganti. Pasok sa ganitong identidad ang Simoun o Simeon ni Eliserio. Sa kuwento, nasa Amerika si Simoun na kasalukuyang serial killer. Ngunit nakaugat pa rin ang ganitong gawain sa kasaysayan ng karakter—mga taong nasa kapangyarihan lamang ang kanyang pinapatay:

“...pinilit niyang mabuhay nang payapa at normal, ngunit lagi’y nangingibabaw ang kanyang galit at pagkamuhi. Sa bawat ciudad na kanyang pinupuntahan, hindi n’ya mapigilang hindi pumatay ng kung sinong Espanyol, alagad ng batas. Dinadalaw s’ya ng alaala ng kanyang nakaraan

gabi-gabi, at wala s'yang lakas para hindi lumabas at maghanap ng biktima.” (p. 2)

Sa siping ito, makikita na agad kung paanong binabago ng kapaligiran at kondisyon nito ang isang tauhan. Dahil may pagkakataon si Simoun na mangibang-katauhan sa banyagang bansa, nailabas niya ang kanyang marahas na mukha. Kung bilang Crisostomo Ibarra sa Pilipinas sa San Diego ay tiniis niya ang pang-aapi ng mga nasa katungkulan at ng Espanyol, sa Amerika ay nakahanap ng espasyo si Simoun na maghiganti. Sabi nga ni Zimbardo: “Historical inquiry and behavioral science have demonstrated the “banality of evil” —that is, under certain conditions and social pressures, ordinary people can commit acts that would otherwise be unthinkable” (“The Banality of Evil”).

Damaso bilang bayani. Puwede ring maging mabuti ang masamang tao na ipinakita ni Eliserio sa susunod na kuwento, “Damaso” (7-13). Muli, humugot si Eliserio sa mga karakter ni Rizal—sina Padre Damaso at Salvi. Pinangatawanan ng dalawang tauhan na hawak ng mga Espanyol ang buhay ng mga indio sa ispiritwal, politikal, at personal na aspeto. Nangyayari ang kuwento bago pa ang *Noli* dahil buhay pa si Don Rafael Ibarra (11) at dahil ipinakita na may romantikong relasyon si Damaso kay Pia Alba (9, 11). Ang pangalawang rason ay inugat ni Eliserio sa palitan ng sulat na naibunyag nang mabasa ni Maria Clara ang mga liham nina Pia Alba at Padre Damaso (as qtd. in Nery A11). Sadyang iniwan ni Rizal na malabo ang relasyon ng dalawa sa kanyang nobela (Hau 141), at ito ang naging pintuan para maisulat ni Eliserio ang backstory ni Damaso. Kahit may espasyo para sa maraming interpretasyon ang Damaso na hinubog ni Rizal, mas malinaw naman ang pagpinta sa karakter ni Salvi sa dalawang nobela. Bagama't mapang-abuso

rin sa kapangyarihan ay depenetibong masasabi na manggagahasa si Salvi (Ocampo as qtd. in Hau 144-145).

Kaya naman nakagugulat nang maging tila bayani ang dalawa sa kuwento ni Eliserio, nang sa dulo ng kuwento ay pinagtulungan ng dalawa na patayin ang isang hinihinalang prayle na manggagahasa (Eliserio 12). Sa kasalukuyang pananaw ng lipunan, may katwiran ang ginawa ng dalawa dahil inililigtas nila ang mga indio sa mapang-abusong miyembro ng kanilang ministro. Sa ganitong pagtingin, nagiging bayani nga ang dalawang prayle nang hindi tuluyang sinasalungat ang orihinal na hubog sa kanila ni Rizal. Hindi rin tuluyang di-makasarili ang ginawa nilang pagpatay sa kapwa prayle. Kahit tunay na nais nilang iligtas ang mga indio sa kapahamakan na alam nilang hindi tatanawin ng mismong simbahan at gobyerno bilang kasalanan, kung titingnan ang kabuuan, mas may pagtangkilik pa rin sa kolonyal na proyekto ang pagpatay nila sa kapwa prayle dahil ayaw nilang magrebolusyon ang mga indio. Para kay Damaso na siyang bayani sa kuwento, mas matimbang ang karugtong na moral ng pagpatay—ang maiwaksi ang panggagahasa ng prayleng natutulog, na kung babasahin ay nakaugat pa rin sa relasyon niya kay Pia. Kahit sa una ay alanganin siya sa gagawing pagpatay, sa huli ay naramdaman niya na tama lang ang ginawa, hindi para mapalagay at huwag mag-alsa ang mga *indio*, kundi dahil may hustisya para sa kasamaang nadulot ng prayle. Muli, itinutulay ni Eliserio ang mga nakasanayang tauhan sa makipot na lubid ng kabayanihan at kasamaan. Dahil parehong naganap ang mga kuwento sa blankong espasyo na iniwan ni Rizal, hindi tuluyang kumakalas ang mga tauhan sa orihinal na hubog sa kanila ni Rizal.

Malakas ang Mahina

Hindi lamang sa sitwasyon nilalaro ni Eliserio ang konsepto ng kabayanihan. Maraming tauhan sa koleksiyon ang mahina ang kapasidad sa maraming aspeto. Sa “Bruha sa Gubat,” ipinakilala ang dalawang batang babae

na sina Kabud at Misu. Habang isinalarawan si Misu bilang magandang bata na may asul na mata, dilaw na buhok, at anak ng mayaman, si Kabud naman ang kabaligtaran (ibid 15). Ganap ang mga katangiang ito at kung titingnan, dehado na kaagad si Kabud kung ikukumpara sa kaibigan. Sa isa pang kuwento, “Si Patrick,” sinusundan ang pagbabanyuhay ng sampung taong gulang na si Patrick mula sa pagtanggap sa sariling ‘pagkukulang’ o itinuturing na kahinaan—ang pagiging supot. May isang tauhan muli rito kung saan maaaring ihambing ang bayani na si Patrick, si Almar na tuli na. Dahil dito, madalas na inaasar ni Almar si Patrick. Kaakibat ng pagiging supot ang pagiging maliit kumpara kay Almar, at ito pa ang isang aspeto kung saan dehado si Patrick. Ang labintatlong taong gulang naman na si Luis ng “Kuwentong Kinabukasan” ang batang bayani sa pangatlong kuwento. Sa una, wala namang makikitang kahinaan si Luis. Sa huli lamang malalaman na sa kanyang kamangmangan maiuugat ang kanyang pagka-dehado.

Sa pag-aaral na ginawa ni Eugene Y. Evasco tungkol sa mga batang bayani sa etnoepiko ng Pilipinas, may tatlong konklusyon na dapat pansinin. Una ay may tinig ang bata sa lipunan; pangalawa ay may ipinapamana—materyal man o ispiritwal o sa anyo ng karunungan—sa batang bayani; at pangatlo ay ang pagbasag sa nosyon na mahina ang bata.

Sa “Bruha sa Gubat,” kataka-taka kung bakit kahit mas nakaaangat si Misu kay Kabud ay may namumuong inggit sa kanyang damdamin. Kahit mas mayaman si Misu kay Kabud at kuneho na lamang ang mayroon si Kabud, ginusto pa ring agawin ni Misu ang kaibigan na kuneho ni Kabud. Di kalauna’y nakuha ni Misu ang kuneho kay Kabud at pinaglaruan. Dahil sa labis na kalungkutan, nanangis si Kabud na sakto namang narinig ng isang bruha sa gubat. Sa huli ay nagkaroon muli ng reversal: yumaman at gumanda si Kabud habang pumangit si Misu. Simple lang ang gustong sabihin ng parabolang ito: nagwawagi ang mabuti. Bagama’t pangit ang panlabas na hitsura ni Kabud, likas siyang mabuti dahil inaalagaan niya ang kuneho at

nanatili siyang kaibigan ni Misu sa kabila ng lahat. Hindi rin siya gumanti kahit inagaw nito ang kanyang kuneho at hindi na siya humiling pa ng kahit ano sa bruha. Nagiging simbolo rin ng kalakasan ang pag-iyak ni Kabud at ang kawalan ng takot sa pagpapakita ng tunay na nararamdaman. Ito rin ang naging daan para sa pagbabagong anyo ni Kabud, dahil kung pinigilan niya ang sarili sa pag-iyak ay hindi naman siya maririnig ng bruha at hindi masosolusyunan ang kanyang problema.

Tulad ni Kabud, hindi rin takot si Patrick magpakita ng emosyon. Tulad ni Kabud ay may bully rin si Patrick—ang tuli niyang kaibigan na si Almar. Sa isip niya tuloy, mahina ang isang bata kung hindi pa tuli. Nagbago ang lahat ng iyon nang mapanaginipan niyang sumailalim siya sa pagtuli at naging higante siya pagtapos nito. Hinanap niya si Almar at isinampay ito sa kanilang sampayan. Ngunit sinita si Patrick ng kanyang ama: “Anak,” sabi nito, “hindi ka dapat salbahe” (ibid 42). Pagkagising ay nakasalubong muli ni Patrick si Almar na akmang susuntukin ng kanyang nakatatandang kuya. Sa halip na hayaang masuntok si Almar, pinigilan ni Patrick ang kanyang kuya. May pag-angkin ring naganap sa katauhan ni Patrick sa sarili niya: “Ako si Supotrick!” (ibid 42). Sa kuwentong ito, makikita kung paanong naipamana ng tatay ni Patrick sa kanya ang kahalagahan ng pagiging mabuti. Sa kabila ng araw-araw na pang-aasar ni Almar sa kanya, pinili niya pa ring huwag patulan ang kalaro kahit may pagkakataon. Katulad rin ni Kabud, mas pinahalagahan ni Patrick ang kabutihan ng loob kaysa sa pisikal na anyo. Hindi rin kahinaan ang hindi pumatol sa kaaway at sa mas magandang paraan niya naipamalas ang kanyang boses: “Hindi ko nga alam kung gusto ko pang magpatuli, e. Ang alam ko lang, mas mabuting maging supot kaysa maging salbahe.” (ibid 42).

Sa “Kuwentong Kinabukasan,” isang babala ang ibinigay kay Luis ng lola sa anyo ng isang kuwento. Madilim na imahen ng kinabukasan ang namutawi sa bibig ng kanyang lola na galing sa isang lalaking nagmula sa

hinaharap, na matutuklasan niyang ang sariling lolo pala. Kasunod ng babala ay ang natatanging relo ng kanyang Lolo Jorge na sa dulo lamang ng kuwento mapag-aalamang time machine. Nais kong pagtuunan ng pansin ang mga pamanang ito dahil sila ang maaaring tingnan na kapakinabangan ni Luis sa dulo ng kuwento: dulo na kung tutuusin ay simula ng isa pang kuwento. Tulad ng nakasanayang bayani, siguradong may kakaharaping pagsubok si Luis sa panahon kung saan siya na-transport. Dahil may kaalaman na si Luis sa kung anong kalakaran sa hinaharap mula sa kuwento ng kayang lola, maaari niya na itong gamitin sa kapakinabangan. Kung mapagtatagumpayan ni Luis na aralin ang mekanismo nito ay puwede rin niyang magamit ito para manumbalik sa sariling panahon at balaan rin ang iba pa o baguhin ang mga pangyayari sa nakaraan para hindi matuloy ang diktadurya sa hinaharap. Dito niya rin huhugutin ang kanyang lakas o kapangyarihan, dahil bilang parabola, makikita na nasa bata ang pag-asa ng hinaharap.

Talunan na Nagwagi

Dahil may nosyon na mahina ang mga bata at bagkus ay dehado sa iba't ibang aspeto ng buhay, hindi maiiwasan na tingnan rin ang penomenon ng pagiging underdog bilang isa pang mukha ng kabayanihan. Ayon sa *American Heritage Dictionary of English Language*, 4th ed.: “An underdog is colloquially defined as the one who is disadvantaged and who is therefore expected to lose” (as qtd. in Paharia et al. 776). Nagkakaroon lang rin ng “underdog” kapag may natukoy na “top dog” na maaaring isang tao, grupo, o produkto na mas may kakayanang manalo o manaig sa isang larangan o kompetisyon (776). Kumbaga, kahit mas dehado sa materyal na suporta o mas mahina, nakukuha ng underdog ang simpatya at suporta ng tigapanood.

Ayon nga sa isang pag-aaral, mas kinakampihan ng mga manonood ang dehado dahil may nakikita silang'di pagkakapantay sa sitwasyon (Vandello et al. 1614). Kahit may likas na inklinasyon ang mga tao na makibagay sa tao

o grupo ng mga tao na palaging nasa itaas, malakas, nagwawagi at iwasan ang mga talunan (Cialdani et al. & Snyder et al. as qtd. in Vandello et al. 1613), hindi pa rin makakaila na gusto nating makita manalo ang dehado.

Kung pagiging underdog lang rin naman pala ang pag-uusapan, si Agoxup ng “Ang Huling Pakkaw ni Agoxup, Isang Mengal” ay maituturing na dehado. Si Agoxup ay isang mandirigmang Isneg na naatasang sundan ang yapak ng nasirang ama na isa ring mandirigma (Bandanwal). Ang *mengal* ay isang mandirigma-mangangaso sa pangkat ng mga Isneg o Isnag sa kabundukan ng Cordillera, Cagayan, at Ilocos Norte. Ang isang *kamenglan* naman ay punong mangangaso’t mandirigma at isa sa mga namumuno sa komunidad kasama ang mga mengal (Prill-Brett 29, 31). Kumbaga, nakaayon sa lakas at kisig ng mga mengal ang pamamalakad at takbo ng buhay ng mga kasama, at isa na rito ang pagpugot sa ulo ng mga banyaga. Hindi binanggit sa kuwento kung sino ang mga banyaga, ngunit ayon kay Bandanwal, mga Ilocano ang tinutukoy na tagalabas ng mga mengal. Dahil kamenglan ang nasirang ama ni Agoxup, may taglay na responsibilidad at hangarin ng kanilang komunidad na bumagsak sa kanya mula sa kanyang ama. Palagi siyang naikukumpara rito, at palaging lumalabas na hindi niya kayang gampanan ang iniwan na tungkulin ng ama; dahil una, lampa siya; at pangalawa, duwag siya. Hindi niya pa napapantayan ang bilang ng mga banyagang ulong napugot ng kanyang ama: “Kahit na isa pa lamang ang kanyang nakukuhanan ng ulo, marami, alam n’ya, ang gusto s’ya ang pugutan” (Eliserio 19). Dehado kung dehado na si Agoxup, dahil hindi lang siya kinakikitaan ng kahinaang pisikal kundi kahinaan rin ng loob. Makikita ito nang magharap sila ni Xoxo. Mahal ni Agoxup si Xoxo, at imbes na isipin ang pamumugot ng ulo na tradisyon ng kanyang lipi, tila parang nais niya na lang sumuko sa kagustuhan ng babae: “Mabuti na rin at hindi n’ya inilalahad ang tunay n’yang damdamin. Pakiramdam niya isang “Talaga?” lang ni Xoxo’y papaya na s’yang maging tagabuhay ng kalakal paroo’t pabalik sa ibang bayan” (20).

Isa pang dehado si Mo ng “Bayani” (77-92). Bukod sa labinganim na taong gulang pa lang siya, hindi lamang siya naaapi sa labas ng bahay kundi pati sa loob ng tahanan ng amaing si Sarhento Bene. Ilalahad rin kung paanong inaabuso ni Sarhento Bene ang ina ni Mo, at kung paanong nananahimik si Mo sa pananakit nito sa ina ay ganoon na lamang rin niya kung tanggapin ang pang-aalipusta nina Doro, ang kanyang bullies. Ngunit noong araw na iyon sa simula ng kuwento, may pagsusumikap na talunin ni Mo ang mga pagsubok na inihaharap sa kanya ng buhay. Paanong nagkakaiba ang dalawang dehadong bayani na nabanggit rito? Mainam na tingnan kung ano ang mga ginawa nilang desisyon sa kanya-kanyang buhay at kung anong landas ang pinili nilang sundan.

Sa kuwento ni Agoxup, pinili ng bayani ang sumuway sa tradisyon: ang pamumugot-ulo ng Isneg at ng mga mengal, nang piliin ni Agoxup na itigil ang nasabing karahasan. Isa sa mga rason kung bakit inayawan ni Agoxup ang tradisyon na ito ay ang ugali ng pumalit na kamenglan sa kanyang ama. Ito mismo ay hindi na sinasang-ayunan ang pamumugot ng ulo sa mga banyaga at nais na lamang makipagkasundo sa mga ito. Hindi rin nito inaalala ang kaingin, ang pangunahing kabuhayan ng mga Isneg, at bagkus ay nahilig sa mga pagdiriwang tulad ng say-am. Nakikita niya rin na hindi na napagbubuklod ng lumang nakagawian ang kanyang bayan na isinilarawan na “[pigsang] malapit [nang] pumutok. At ang mas malala, hindi lang nana kundi dugo ang dadanak” (ibid 21). Ibig sabihin, walang saysay ang pagpugot ng ulo dahil pinapatay rin sila ng mga banyaga, at alam niyang hindi ito titigil. Kahit alam niyang hindi naman ito ang tama para sa lahat, dahil mamamatay at uubusin silang lahat ng mga banyaga, hindi ba’t mas magiting ang iwanan ang laban na noon pa lamang ay tapos na?

Kung katapusan ng lumang tradisyon at pagyakap sa sariling landas ang kinahinatnan ng desisyon ni Agoxup, pagwawakas ng sariling kahinaan naman ang natunton ni Mo. Matapos niyang sagipin ang matandang

pulubi kahit pa malapit na siyang mapuruhan nina Doro, nag-transform na engkanto ang pulubi na siyang nagpakilala bilang Hari ng mga lamanlupa. Dinala ng Hari si Mo sa palasyo nito sa ilalim ng daigdig kung saan binigyan siya ng misyon para mapatunayan na kaya niyang maging bayani, hindi lamang sa Ibaba kundi sa Itaas rin. Kailangan niyang husgahan ang Pirata, isang kriminal sa Ibaba, sa pamamagitan ng “sayaw” o isang tunggalian. Kung matalo siya ng pirata ay mapapawalang-sala ito. Ngunit sa sayaw, imbis na tuluyan niyang patayin at pugutan ng ulo ang Pirata ay hinayaan niya itong mabuhay. Kahit alam niyang malakas siya sa Ibaba at kayang gawin ang kahit anong naisin, pinili niyang mahabag at manatiling mabuti: “Hindi siya Diyos, kahit na puwede na s’yang tawaging hukom” (91). Sa kuwento, makikita ang reversal na naganap sa Ilalim at Itaas. Una ay naging malakas siya sa Ilalim, kabaligtaran ng sitwasyon niya noong nasa Itaas siya. Sa Ilalim, napatunayan niya ang sarili, kung kaya’t nadala niya ang taglay na kapangyarihan pagbalik sa Itaas. Doon, nabigyan siya ng kaparehong pagkakataon na itama ang mali—ang husgahan rin ang amain. Imbis na puruhan ito at patayin, pinili lang niyang takutin ang amain para matigil na ang pang-aabuso nito sa ina. Sa huli, ay nanatiling mabuti si Mo kahit pa sa mga kaaway.

Bigo, Bagot, Bayani

Isa sa mga katangian ng postmodernong tradisyon ng pagsulat ang kawalan ng iisang kahulugan o pagpapakakahulugan sa isang naratibo. Kung isasalpak ito sa pagpapakahulugan natin sa imahen ng bayani, makikita na may iba’t ibang mukha na kadalasan ay magkakasalungat pala. Hindi makakaila na ang mga bayani sa koleksiyon ni Eliserio ay pawang mga tao lang. Tandaan na ang pagiging “tao” sa postmodern ay may mabigat na implikasyon. Ayon nga kay Harold Beaver, nakaangkla ang mito ng kabayanihan sa “free will” na siya namang binasag nina Marx, Darwin, at Freud, kung kaya’t ang dating hinahangaan na bayani sa kuwento ay bitag at biktima rin ng “political,

evolutionary, and psychological forces” (186). Ibig sabihin, kahit may taglay na katapangan, katatagan, o kabutihan ang bayani sa kuwento, hindi pa rin maiaalis sa kanya ang pagiging tao sa mundong marahas.

Bayaning biguan. Si “X” ng Bilanggo (61-75) na nga yata ang nakaranas ng pinakamasaklap na katapusan sa koleksiyon. Una, napagkamalan si X na ibang tao ng tatlong nakamaskarang pulis kung kaya siya dinukot. Pangalawa, tinortyur siya at nakulong. At sa murang edad na 30, napatawan si X ng death penalty. Labis ang pagdurusa at kawalang-hustisya ang naranasan ni X na makikita sa kung paano tinrato ang karakter niya sa kuwento. Una, hindi siya binigyan ng pangalan kundi X, pagpapatunay na maaaring maging kahit sino lang ang biktima ng bulok na sistema. Pangalawa, may alusyon sa dulang “Ang Paglilitis ni Mang Serapio” (Dumol) dahil hindi lamang napagkamalan si X na siya si Mang Serapio, nagsimula rin ang kuwento niya ng nagdurusa na siya. Tulad rin ni Mang Serapio, tinortyur at “nilitis” si X ng isang bulok na sistema. Kung sa dula ay maaaring ituring na biktima rin ang “Federasyon ng mga Pulubi” ng mas korap na kalakakaran sa lipunan (Evangelista), sa kuwento ay nanatiling mapang-api ang mga pulis. Sa bilangguan naman mararanasan ni X ang pagsubok ng pagiging matatag at pananatiling buhay. Sa bilangguan niya nakilala ang iba pang mga bilanggong napagkamalang gumawa ng krimen, ngunit hindi na rin nilinaw sa atin kung sino ba doon ang tunay o hindi na kriminal. Maaaring basahin rin na “paglilitis” ang pamumuhay ni X sa bilangguan dahil kahit dito ay hinuhusgahan rin siya; at sa pangalawang beses, napagkamalan na naman siya bilang ibang tao, si Totoy Kikil na isang political prisoner. Dahil dito, nabugbog siya ng warden. Muli, makikita kung paanong tinatalo si X ng iba’t ibang puwersa sa kanyang kapaligiran at kung paano siyang naiipit sa mga hierarchies sa labas at loob ng bilangguan.

Sa “Patunayan mo Angelo C. Mabuti” (43-60), hindi lamang makakaranas ng karahasan ang titular na tauhang si Angelo kundi namamayagpag rin, sa simula pa lang, ang kahinaan ng kanyang loob. Taliwas sa imahen ng sundalo bilang mandirigma-bayani, kaagad na mapapansin sa karakter ni Angelo ang kawalan ng tiwala sa sarili na siya namang nakikita niya sa kapwa sundalo na si Fernando Salvador:

Maliit pala ang kanyang mga mata, ang mga aki’y kita ang lahat. Maliit din pala ang kanyang bunganga. ang aki’y kasya ang isang buong mansanas. Maliit pala ang kanyang ulo. At ang akin? Maliit din. Kaya nga’t mga mata’t bunganga lang ang mukha ko. (52)

Bigo si Angelo C. Mabuti dahil una, hindi naman niya nakuha ang babaeng gusto niya, si June, na nililigawan rin ni Fernando Salvador. Pangalawa, mas magaling, guwapo, at angat talaga sa kanya si Salvador na may gusto rin kay June. Pangatlo, naging paborito lang siya ng kanyang nanay noong mamatay ang kuya niya. Makikitaan na rin ng pagguho ng imahen ng sundalo bilang bayani dahil nakaangkla ang pagiging magiting sa kamatayan at hindi sa paggawa ng tama (12). Dito na rin maaaring iugat ang suliranin at pagsubok kay Angelo, at ito ay ang patunayan niya ang kanyang sarili, sa kabila ng pagiging baluktot ng mundo. Ngunit dito rin mapapansin ng mambabasa ang puso ni Angelo. Iyon naman siguro ang punto ng kuwento, ang ipakita ang pagiging tao ng sundalo na sa nakararami ay isang malayong konsepto.

Tulad ni X ay biktima rin ng sistema si Angelo. Nakakulong rin siya sa romantikong pagtingin sa pagiging sundalo, kahit sa loob niya ay takot siya at gustong huwag na lang lumaban dahil sa totoo lang ay mas mahal niya

ang kanyang buhay. Sa huli, kahit naligtas is Angelo at namatay si Salvador ay walang mararamdaman na pagwawagi.

Bayaning binigo ng kapalaran. Sa pagbabasa ng huling dalawang kuwento ni Eliserio sa koleksiyon ay hindi ko mapigilan na maalala si Franz Kafka. Kung si X at Angelo ay biguan at nabigo ng sistema, nakakikitaan ko naman ng pagkabagot sina U ng “Tungkol sa Aso” at si Matthew ng “Ang Huling Roxas-Gastambide.” Matatandaang isa sa mga suliranin sa mga akdang pampanitikan ang “tao vs. sarili” at ito ang nag-uumpaw sa dalawang kuwento, dahil bukod sa baluktot ang kanilang realidad ay kaaway rin nila ang kanilang mga sarili. At kung sarili pala ang kontrabida sa kuwento, maituturing pa rin ba na bayani ang mga bida? Tulad ng isa pang manunulat na si Stephen Crane, maaari ring ilapat ang ganitong obserbasyon sa akda ni Eliserio: [The] theme was to be read as *neither the romance of heroism, nor the triumph of heroism, but the quandary of heroism in an unheroic age*” (Beaver 187-188). Matatawag ngang duwag sina U at Matthew dahil nilalabanan nila ang isang napaka-humanistic na impulse: ang pagmamahal. Ironic din dahil kahit napaka-self-reflexive ni U sa “Tungkol sa Aso” ay hindi pa rin niya masolusyonan ang problema niya sa kanyang sarili. Higit sa diin sa subjectivity ni U gamit ang pag-uulit ng “sabi ni U,” hindi rin makabuo ng konkretong imahen ng bayani dahil umiikot lamang ang kuwento sa tunggalian ang sarili. Walang resolusyon kundi sa pag-amin na walang resolusyon.

Ganito rin ang estilo sa huling kuwento ni Eliserio na “Ang Huling Roxas-Gastambide,” kung saan patuloy rin ang pagmumuni-muni ni Matthew tungkol naman sa pagkamatay ng isang dating estudyante, si Errold, na sa progresyon ng kuwento ay malalaman na naging kasintahan niya pala. Makikita rin sa kuwento kung paanong nilalamon lang ng pagiging hindi desidido si Matthew. Kumbaga, umiiral lang ang kuwento dahil sa mga taong nakapaligid sa kanya. Kung titingnan, mundo rin mismo ang umuusig kay

Matthew at sa huli, dahil rin sa pagsulot niya kay Errold ang kikitil sa buhay ng kanyang mga magulang. Ang propesor ang pumatay sa mga magulang ni Matthew dala ng selos at galit na nagmula sa pang-aagaw ni Matthew kay Errold. Tulad ng tauhan ni Kafka na si K ng *The Trial*, maaaring ilapat rin kay Matthew ang obserbasyon na ito: [sic] he is guilty—guilty because there is no devoutness in him, because his ceaseless reasoning makes him unreasonable, because his countless ruses irritate rather than propitiate” (Rahv 72). Tulad ng mga bida ni Kafka, biktima na rin ngayon ang mga bayani ni Eliserio na nagdurusa sa pagkalupig (73).

Kumbaga, dahil hindi naman naresolba ni Matthew ang alitan nila ng dating nobyo ni Errold na propesor, pumutok na lang sa mukha niya ang pangyayari hanggang sa mawala sa kanya ang mga magulang, at nauwi naman sa kritikal na kondisyon ang girlfriend niya na si Mean. Sa huli ay nawala sa kanya ang lahat.

Konklusyon

Iba’t ibang mukha ng bayani ang nakalap sa koleksiyon ni U Eliserio na “Tungkol sa Aso.” Sa unang dalawang kuwentong “Simeon sa Amerika” at “Damaso,” makikita kung paanong nakaangkla sa sitwasyon ang pagiging bayani. Kung tutuusin, lahat naman tayo ay maaaring maging bayani o bida depende sa kondisyon. Maaari ring ituring na bayani ang mga bata, taliwas sa nosyon na mahina sila at hindi dapat maging simbolo ng pinakamataas na mithiin ng lipunan. Pinatunayan ito nina Kabud, Patrick, at Luis. Ipinakita rin na hindi kahinaan ang pagiging bata; ngunit kung titingnan muli ang kuwento ni Luis kung saan aksidente siyang na-transport sa isang dystopian na Pilipinas, maaari siyang tingnan bilang biktima na rin ng lipunan. Gayunpaman, may pag-asa siyang isalba hindi lamang ang sarili kundi ang lipunan kung gagamitin niya sa kabutihan ang kaalaman tungkol sa hinaharap. Kung puwedeng tingnan ang kahinaan ng pagiging

bata bilang kabayanihan ay hindi na rin malayo sa ating konseptuwalisasyon na ituring na bayani ang mga dehado o underdog. Sa kuwento nina Mo at Agoxup makikita kung gaano kahalaga ang pagtahak sa sariling landas. Kung maaaring tingnan bilang katapangan ang pagbaklas ni Agoxup sa tradisyon ng pakikidigma sa banyaga, ay puwede ring tingnan na mismo ang likas na kabutihan ni Mo bilang isang moda ng pagkapanalo. Kahit likas na mga dehado ay pilit na bumanyuhay ang dalawang ito sa landas na wala pang sumusubok, at doon inugat ang kanilang kabayanihan.

Ngunit sa paglapit ng mga tauhan ni Eliserio sa pagiging tao, tulad ng kahit sinong tao, sa katauhan nina X, Angelo, U, at Matthew, naging malabo at baluktot na rin ang imahen ng bayani. Hindi mapipigilan ang pag-usig ng ekonomiko, sosyal, at politikal na lakas sa mga bayani ni Eliserio, na kung susuriin ay iniwan na ring tunay ng may akda na mamuhay sa baluktot na mundo. Ngunit hindi naman kailangang laging magwagi ang mga bayani. Maaari pa ring tingnan ang walang tigil na pag-iisip at pagmumuni ng mga bayani ni Eliserio, ang kanilang pagtigil sa mabagal ngunit patuloy na pag-ikot ng mundo, bilang coping mechanism at isang paraan para manaig at maligtas sa marahas na katotohan. At kung naiparating naman ito ng mga karakter ni Eliserio sa mambabasa, tulad ko, baka naman hindi sila tuluyang talunan.

SANGGUNIAN

- Antillon, Loline M. "Ang Nalandangan sa Agyu: Isang Lupang Pangako," nasa *Gawad Surian sa Sanaysay, Gantimpalang Collantes 1989-1991* ni Aurora E. Batnag (pat.), Pasig: Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, 1991.
- Bandanwal, Katherine. "Review-Elite: An Anthology: Kyoto Review of Southeast Asia." *Kyoto Review of Southeast Asia | Promoting Exchange among the Intellectual Communities of Southeast Asia, We Bring News of Publications, Debates and Ideas, through Lively and Accessible Writing*. 30 Aug. 2017. Web. 09 Sept. 2021.
- Beaver, Harold. "Stephen Crane: The Hero as Victim." *The Yearbook of English Studies*, vol. 12, 1982, pp. 186–193. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/3507405. Accessed 1 Aug. 2021.
- Carlyle, Thomas. *On Heroes, HERO-WORSHIP and the Heroic in History*, (1840). New York: Frederick A. Stokes, 1891. Print.
- Cooley, Charles Horton. *Human Nature and the Social Order*. ROUTLEDGE, 2017. Print.
- Dumol, Paul. *Ang Paglilitis Ni Mang Serapio*. 1968. Play.
- Eliserio, U. Z. *Tungkol Sa Aso*. Manila: UST Publishing House, 2019. Print.
- Evangelista, Paeng. "Ang Paglilitis ni Mang Serapio: Not Your Typical "Love Story"." *Ateneo De Manila University*. 09 Feb. 2017. Web. 09 Sept. 2021.
- Evasco, Eugene Y. "ANG BATA SA PAGTUKLAS NG MGA BAYANI: Ang Pagkabata Ng Bayani Sa Mga Etnoepiko Ng Pilipinas." *Diliman Review* 4th ser. 52.1 (2005): 85-112. Print.

- Franco, Zeno, and Philip Zimbardo. "The Banality of Heroism." *Greater Good*. 1 Sept. 2006. Web. 09 Sept. 2021.
- Frisk, Kristian. "What Makes a Hero? Theorising the Social Structuring of Heroism." *Sociology* 53.1 (2018): 87-103. Print.
- Hau, Caroline S. "Did Padre Damaso Rape Pia Alba? Reticence, Revelation, and Revolution in José Rizal's Novels." *Philippine Studies: Historical & Ethnographic Viewpoints*, vol. 65, no. 2, 2017, pp. 137–199. JSTOR, www.jstor.org/stable/26621950. Accessed 22 July 2021.
- Konnikova, Maria. "The Real Lesson of the Stanford Prison Experiment." *The New Yorker*. 12 June 2015. Web. 09 Sept. 2021. <<https://www.newyorker.com/science/maria-konnikova/the-real-lesson-of-the-stanford-prison-experiment>>.
- Linenthal, Edward Tabor. "FROM HERO TO ANTI-HERO: The Transformation of the Warrior in Modern America." *Soundings: An Interdisciplinary Journal*, vol. 63, no. 1, 1980, pp. 79–93. JSTOR, www.jstor.org/stable/41178143. Accessed 18 June 2021
- Nery, John. "Introduction." *Revolutionary Spirit: Jose Rizal in Southeast Asia*. By John Nery. Singapore: Institute of Southeast Asian Studies, 2011. 11. Print.
- Ocampo, Ambeth R. *Meaning and History: The Rizal Lectures*. Manila: Anvil, 2013. Print.
- Oliner, Samuel P. "Extraordinary Acts of Ordinary People." Ed. Stephen G. Post, L. G. Underwood, and J. P. Schloss. *Altruism and Altruistic Love: Science, Philosophy, and Religion in Dialogue*. New York: Oxford UP, 2002. 123-39. Print.

- Paharia, Neeru, Anat Keinan, Jill Avery, and Juliet B. Schor. "The Underdog Effect: The Marketing of Disadvantage and Determination through Brand Biography." *Journal of Consumer Research* 37.5 (2011): 775-90. Print.
- Prill-Brett, June. *Indigenous Experience of Autonomy*. Working paper no. 10. Baguio: U of the Philippines College, 1989. Print.
- Rahv, Philip. "Franz Kafka: The Hero as Lonely Man." *The Kenyon Review*, vol. 1, no. 1, 1939, pp. 60–74. JSTOR, www.jstor.org/stable/4332044. Accessed 1 Aug. 2021.
- Reyes, Soledad S. "The Komiks and Retelling the Lore of the Folk." *Philippine Studies* 57.3 (2009): 389-417. Web. 9 Sept. 2021.
- Robert B., Cialdini, Borden Richard J., Thorne Avril, Walker Marcus Randall, Freeman Stephen, and Sloan Lloyd Reynolds. "Basking in Reflected Glory: THREE (football) Field Studies." *Journal of Personality and Social Psychology* 34.3 (1976): 366-75. Print.
- Snyder, C. R., MaryAnne Lassegard, and Carol E. Ford. "Distancing after Group Success and Failure: Basking in Reflected Glory and Cutting off Reflected Failure." *Journal of Personality and Social Psychology* 51.2 (1986): 382-88. Print.
- Spencer, Herbert. *The Study of Sociology*. London: H.S. King, 1873. Print.
- Vandello, Joseph A., et al. "The Appeal of the Underdog." *Personality and Social Psychology Bulletin*, vol. 33, no. 12, Dec. 2007, pp. 1603–1616, doi:10.1177/0146167207307488.
- Vanoverbergh, Morice. "Isneg-English Vocabulary." *Oceanic Linguistics Special Publications* 11 (1972): 1-618. Web. 9 Sept. 2021.
- Weber, Max. "Economy and Society: An Outline of Interpretive Sociology." *Readings in Economic Sociology* (1978): 24-37. Print.